

Kagawaran ng Edukasyon
Araling
Panlipunan 9
Demand
Ikalawang Markahan – Unang Linggo



Dindo S. Pepito
Manunulat

Grace B. Columbino
Tagasuri

Edwin C. Abalos
Mark Joseph C. Fernandez
Katibayan ng Kalidad



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



INAASAHAN

Sa araling ito, inaasahang nailalapat ang kahulugan ng demand sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat pamilya.

Ang araling ito ay nakatuon sa pag-aaral ng demand bilang isa sa mga batayang kaisipan sa ekonomiks. Tinalakay sa naunang yunit na ang efficient na pagpili at paggamit ng mga pinagkukunang-yaman ang diwa sa pag-aaral ng asignaturang ito. Sa yunit na ito, ipakikilala ang dalawang mahalagang konsepto sa ekonomiks, ang demand at supply. Sa pag-aaral ng demand, malalaman mo bilang isang mamimili kung paano maipakikita ang kagustuhan at kakayahang bumili ng mga produkto at serbisyo bilang tugon sa iyong pangangailangan.



UNANG PAGESUBOK

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na gusto at kayang bilhin ng mamimili sa iba't-ibang presyo sa isang takdang panahon.
 - A. Demand
 - B. Suplay
 - C. Ekwilibriyo
 - D. Market
2. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** makakaapekto sa dami ng produkto na maaring i-suplay?
 - A. Pagbabago sa teknolohiya
 - B. Pagbabago ng presyo sa pamilihan
 - C. Pagbabago sa bilang ng manininda
 - D. Pagbabago sa bilang ng tumutulong sa pamilihan
3. Ito ay paraan ng pagpapakita ng ugnayan ng presyo at quantity supplied.
 - A. Supply
 - B. Supply Curve
 - C. Supply Function
 - D. Supply Schedule
4. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng relasyon ng suplay at presyo ayon sa Batas ng Suplay?
 - A. Kapag tumataas ang presyo, tumataas ang dami ng produkto at serbisyo na handa at kayang ipagbili.
 - B. Kapag tumataas ang presyo, bumababa ang dami ng produkto at serbisyo na handa at kayang ipagbili.
 - C. Kapag tumataas ang suplay, tumataas ang dami ng produkto at serbisyo na handa at kayang ipagbili.
 - D. Kapag tumataas ang suplay, bumababa ang dami ng produkto at serbisyo na handa at kayang ipagbili.
5. Ito ay talaan na nagpapakita ng dami at kaya na gustong ipagbili ng mga prodyuser sa iba't-ibang presyo.
 - A. Supply
 - B. Supply Curve
 - C. Supply Function
 - D. Supply Schedule

6. Ito ay dami ng produkto na kayang bilhin ng isang konsyumer
- | | |
|-----------|-------------|
| A. Demand | C. Quantity |
| B. Presyo | D. Supply |
7. Ang tawag sa napagkasunduang bilang ng mga produkto at serbisyo
- | | |
|----------------|-------------------------|
| A. Demand | C. Ekwilibriyong Dami |
| B. Ekwilibriyo | D. Ekwilibriyong Presyo |
8. Dami ng produkto na handa at kayang ipagbili ng prodyuser sa isang takdang panahon
- | | |
|----------------|----------------------|
| A. Demand | C. Quantity Supplied |
| B. Ekwilibriyo | D. Supply |
9. Sitwasyon na kung saan ang dami ng demand ay mas mataas kaysa sa dami ng supply
- | | |
|--------------|-------------|
| A. Hoarding | C. Shortage |
| B. Pamilihan | D. Surplus |
10. Ito ang tawag sa kung saan mas madami ang quantity supplied kaysa sa quantity demanded
- | | |
|-----------------------|-------------|
| A. Ekwilibriyo | C. Surplus |
| B. Ekwilibriyong Dami | D. Shortage |
11. Isang mekanismo, na ngayon ay itinuturing nang isang lugar, ng interaksyon ng mga mamimili at nagbebenta upang magtakda ng presyo at palitan ng produkto at serbisyo.
- | | |
|------------|---------------|
| A. Mall | C. Pamahalaan |
| B. Ospital | D. Pamilihan |
12. Pamilihang libu-libo ang mamimili at nagtitinda ng produkto:
- Monopolyo Perpektong Kompetisyon
 - Monopolistikong Kompetisyon
 - Oligopolyo
 - Perpektong Kompetisyon
13. Ito ang halaga ng isang produkto sa pera
- | | |
|----------|-------------|
| A. Bayad | C. Pamasaha |
| B. Buwis | D. Presyo |
14. Ang mga kalahok sa isang pamilihang may perpektong kompetisyon ay gumagamit ng advertising o pag-aanunsyo bilang istrategiya ng pagbebenta. May impluwensya ba ang pag-aanunsyo sa epektibong pagbebenta?
- Wala dahil sa pinag-iba ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan
 - Wala dahil sa identikal ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan
 - Mayroon dahil may pagkakaiba ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan
 - Mayroon dahil sa identikal ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan
15. Pamilihang may iilang suplayer o tagapagprodyus lamang:
- | | |
|--------------------------------|---------------------------|
| A. Monopolyo | C. Oligopolyo |
| B. Monopolistikong Kompetisyon | D. Perpektong kompetisyon |



BALIK-TANAW

TSART NG KALAKASAN - KAHINAAN

Panuto: Gamit ang tsart, isulat ang kahinaan at kalakasan ng bawat organisasyon ng negosyo.

KAHINAAN	ORGANISASYON NG NEGOSYO	KALAKASAN
	Isahang Pagmamay-ari	
	Sosyohan	
	Korporasyon	
	Kooperatiba	

Mga Gabay na Tanong

1. Ano sa pananaw mo ang magandang uri ng organisasyon ng Negosyo? Bakit?
2. Paano ito makatutulong sa pagsisimula ng isang negosyo?
3. Sa iyong palagay, ano ang pinakamahalagang salik sa ikatatagumpay ng isang negosyo? Ipaliwanag.



PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Panuto: Suriing mabuti ang larawan



<https://tinyurl.com/y67veccu>

Mga Gabay na Tanong

1. Ano ang nais ipahiwatig ng larawan?
2. Anong konsepto sa ekonomiks ang inilalarawan?

Ang Konsepto ng Demand

- May mga pangangailangan ang tao na dapat matugunan upang mabuhay. Ang demand ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na gusto at kayang bilhin ng mga mimili sa iba't ibang presyo sa isang takdang panahon.

Demand

- Tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyo na gusto at kayang bilhin ng mamimili sa iba't-ibang presyo sa isang takdang panahon.

Batas ng Demand

- Mayroong inverse o magkasalungat na ugnayan ang presyo sa quantity demanded ng isang produkto.
- Kapag tumaas ang presyo, bumababa ang dami ng gusto at kayang bilhin at Ibig sabihin nito:

$P \uparrow$ $D \downarrow$ - Kapag tumaas ang presyo, bumababa ang demand.

$P \downarrow$ $D \uparrow$ - Kapag bumaba ang presyo, tataas naman ang demand.

Dalawang konsepto kung bakit magkasalungat o inverse ang ugnayan sa pagitan ng presyo at quantity demanded:

1. Substitution Effect

- Kapag tumaas ang presyo ng isang produkto, ang mamimili ay hahanap ng pamalit na mas mura.

2. Income Effect

- Kapag mababa ang presyo ng bilihin, mas mataas ang kakayahan ng kita ng tao na makabili ng mas maraming produkto.

Ceteris Paribus

- Ipinagpapalagay na ang presyo lamang ang salik na nakaaapekto sa pagbabago ng quantity demanded habang ang ibang salik ay hindi nagbabago o nakaaapekto rito.

Tatlong Pamamaraan sa Pagpapakita ng Konsepto ng Demand

Demand Schedule


- Isang talaan na nagpapakita ng dami na kaya at gustong bilhin ng mga mamimili sa iba't-ibang presyo.

Demand Schedule para sa kendi

Presyo bawat piraso	Quantity Demanded
Php 5	10
4	20
3	30
2	40
1	50

Demand Curve

- Ang grapikong paglalarawan na nagpapakita ng magkasalungat na relasyon sa pagitan ng presyo ng produkto at quantity demanded



Pinagmulan: <https://tinyurl.com/yyd4n5cm>

Demand Function

- Ang matematikong pagpapakita sa ugnayan ng presyo at quantity demanded.

Qd = quantity demanded – dependent variable

P = presyo – independent variable

$$Qd = 60 - 10P$$

kapag ang P = 1 Qd = ?

$$Qd = 60 - 10P$$

$$Qd = 60 - 10(1)$$

$$Qd = 60 - 10$$

$$Qd = 50 \text{ piraso}$$

kapag ang P = 5 Qd = ?

$$Qd = 60 - 10P$$

$$Qd = 60 - 10(5)$$

$$Qd = 60 - 50$$

$$Qd = 10 \text{ piraso}$$



GAWAIN

I-DEMAND, ITALA at IKURBA

Panuto: Basahing mabuti ang talata at isulat ang hinihinging kasagutan.

Ipagpalagay na katatapos lamang ng iyong klase sa P.E. Nagkataong may tinda sa kantina na buko juice. Ilang baso ng buko juice ang handa at kaya mong bilhin sa presyong Php6, hanggang Php14 kada baso? Itala ito sa kolum ng Qd. Ilagay sa talahanayan ang dami ng quantity demanded sa bawat presyo upang mabuo ang demand schedule.

Presyo Bawat Baso (Php)	Quantity Demanded	Presyo												
6	1. ?	14												
8	2. ?	12												
10	3. ?	10												
12	4. ?	8												
14	5. ?	6												
		4												
		2												
		0	5	10	15	20	25	30	35	40	45	50		

Ipagpalagay na ang demand function mo ay $Qd = 50 - 2P$. Pagkatapos nito ay ipakita ito sa pamamagitan ng paggawa ng demand curve.

Demand Schedule para sa baso ng Buko Juice



TANDAAN

ANG KONSEPTO NG DEMAND

Isinasaad sa Batas ng **1.** _____ na mayroong inverse o magkasalungat na ugnayan ang **2.** _____ sa quantity demanded ng isang produkto. K apag tumaas ang presyo, **3.** _____ ang dami ng gusto at kayang bilhin; at kapag **4.** _____ ang presyo, tataas naman ang dami na gusto at kayang bilhin. Ang ceteris paribus ay nangangahulugang ipinagpapalagay na ang presyo lamang ang salik na nakaaapekto sa pagbago ng **5.** _____, habang ang ibang salik ay hindi nagbabago o nakaaapekto rito.



PAG-ALAM SA NATUTUHAN

DESIYON MO – ILAHAD MO

1. Nagmura ang mga binebentang motorcycle barrier matapos ipahayag ng IATF na hindi na ito kailangan pang gamitin. Ano ang iyong mararamdaman kung ang iyong pamilya ay bumili nito?

2. Marami ang gustong bumili ng face shield matapos ipahayag ng IATF na kailangan na ito kasabay ng face mask kapag lalabas ng bahay. Kung ikaw isa sa mga nagtitinfa nito, magtataas ka rin ba ng presyo nito dahil alam mong in-demand?

3. Halimbawang ikaw ay may negosyo na apektado ng pandemyang dulot ng covid-19. Paano mo ito ma susuluyunan.



PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

I. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang tamang sagot at isulat lamang ang letra sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod ang tamang pagpapakahulugan sa konsepto ng demand?
 - A. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto na handa at kayang bilhin ng prodyuser sa iba't ibang presyo.
 - B. Ito ay tumutukoy sa mga produktong kahalili ng mga pangangailangan ng isang konsyumer.
 - C. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto na handa at kayang bilhin ng mga konsyumer sa iba't ibang halaga o presyo.
 - D. Ito ay tumutukoy sa kabuuang dami ng produkto na mabibili sa bawat presyo kung ang konsyumer ay makakabili ng lahat ng kanilang pangangailangan.
2. Ano ang tawag sa dami ng produkto na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser?
 - A. Demand
 - B. Ekwilibriyo
 - C. Produksiyon
 - D. Supply
3. Alin ang nagpapaliwanag kung bakit mahal ang bulaklak na rosas sa tuwing sasapit ang Araw ng mga Puso?
 - A. Itinatago ng mga prodyuser ang panindang bulaklak upang lalong tumaas ang presyo nito.
 - B. Dahil sa okasyon, tumataas ang demand ng mga konsyumer sa rosas kaya lumilipat ang kurba ng demand sa kanan na nagreresulta sa pagtaas ng presyo nito.
 - C. Dahil sa tuwing sasapit ang Araw ng mga Puso, nagkakasundo na ang mga konsyumer at prodyuser na itaas ang presyo sapagkat pareho naman silang nakikinabang dito.
 - D. Tanggap ng mga konsyumer ang pagtaas ng presyo ng rosas tuwing sasapit ang Araw ng mga Puso sapagkat hindi matatawaran ang kasiyahang natatamo ng mga konsyumer sa pagbibigay ng rosas sa kanilang mga mahal sa buhay.
4. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa pamamaraan ng pagpapakita ng konsepto ng demand?
 - A. Demand Curve
 - B. Demand Function
 - C. Demand Multiplication
 - D. Demand Schedule
5. Kapag mababa ang presyo ng bilingin, mas mataas ang kakayahan ng kita ng tao na makabili ng mas maraming produkto. Anong konsepto ito?
 - A. Cycle
 - B. Domino Effect
 - C. Income Effect
 - D. Substitution Effect

II. Panuto: Mula sa datos na nasa ibaba, kompletuhin ang talahanayan upang maipakita ang demand schedule.

A. Demand Function: $Q_d = 750 - 10P$

Presyo		Quantity Demanded
6.	?	600
	30	7. ?
8.	?	200
	60	9. ?
10.	?	0

B. Demand Function: $Q_d = 300 - 20p$

Presyo		Quantity Demanded
	1	11. ?
12.	?	200
	6	13. ?
14.	?	300
	15	15. ?

SANGGUNIAN:

Website:

<https://tinyurl.com/vyd4n5cm>

<https://tinyurl.com/y67veccu>

Modyul:

Department of education (2015) Ekonomiks Araling Panlipunan 9 Module P. 114-129

UNANG PAGSUBOK
1.)A, 2)D, 3)C, 4)A, 5)D, 6)A, 7)C, 8)D, 9)C, 10)C, 11)D, 12)D, 13)D, 14) C, 15)B

1)38, 2)34, 3)30, 4)26, 5)22

GAWAIN

1)Demand, 2)Presyo, 3)Bumababa, 5)Talas, 6)Quantity Demanded

TANDAAN

1)C, 2)A, 3)B, 4)C, 5)C, 6)15, 7)55, 8)75, 9)300, 10)150, 11)280, 12)5, 13)180, 14)10, 15)0

PANG WAKAS NA PAGSUSULIT

SUSI SA PAGWAWASTO: